

## WASTONG PAGLALAGAY NG BINHING TILAPIA SA PALAISDAAN

1. Siguruhing nakahanda ang palaisdaan bago maglagay ng semilya (basahin ang tamang paghahanda ng palaisdaan)
  - a. May tamang lalim ang tubig (1-2 metro)
  - b. Kulay berde ang tubig (Nakapaglagay nang pataba/ abono)
2. Magpapasok ng sariwang tubig bago magpakawala ng binhi.
3. I-“acclimatize” ang binhi bago pakawalan sa palaisdaan.
  - a. Bayaan munang nakalutang sa palaisdaang paglalagyan ang plastic bag na may isda sa loob ng 10-20 minuto para magkapareho ang temperatura ng tubig sa palaisdaan at tubig ng plastic bag na may semilya. Ito ay para maiwasan ang “thermal shock” na maaaring magdulot nang pagkamatay nang inilagay na isda.
4. Pabayaang kusang lumabas ang isda sa plastic bag o kaya’y pakawalan ng dahan-dahan.

5. Hanggat maaari, magpakawala sa umaga o kaya’y sa hapon kung kailan malamig ang panahon.
6. Pakawalan ang binhi malapit sa pumapasok na tubig.

## MGA DAPAT ISAALANG-ALANG SA PAGBIBIYAHE NG SEMILYA

1. Alamin ang tamang pang-gagalingan ng magandang binhi o semilya.
2. Siguraduhing nakondisyon ang semilya bago ikarga/ibiyaha.
3. Sundin ang angkop na dami ng binhi na dapat alagaan sa bawat metro kuwadrado.
4. Pakainin ang binhi 24 oras pagkatapos magpakawala.
5. Sundin ang angkop na dami ng binhi sa plastic bag/lalagyan ayon sa sukat ng isda.
6. Ang bawat plastic bag (20” x 30” x 0.003”) ay puwedeng maglaman:
  - a. Malinis na tubig – 4 litro
  - b. Semilya
    - Fry (0.01 ABW) = 2,000-3,000 piraso
    - Size 24 = 2,000 piraso
    - size 22 = 1,000 piraso

- size 17 = 500 piraso
- size 14 = 300 piraso

*Ang nasabing laman na semilya para sa isang plastic bag ay puwedeng ibiyaha nang hanggang 24 na oras.*

*Kung ang biyaha ay mahigit pa sa 24 na oras, gawing kalahati lamang ng mga nasaad na dami ng semilya ang dapat na laman ng isang bag*


- c. Oksiheno (oxygen) – 1.5 PSI o hanggang sa maximum ng plastic bag na puwede nang talian nang rubber band.


*Gumamit ng dalawang plastic bag (doble) para maiwasan ang pagkabutas nito at hindi magresulta ng pagkamatay ng isda.*


7. Kung kinakailangan (depende sa init ng panahon), maglagay ng dinurog na yelo sa ibabaw ng plastic bag na may oxygen.




## AKTUWAL NA LAKI, TIMBANG AT PRESYO NG SEMILYA SA NFFTC

	
<b>Size</b>	: <b>24</b>
Timbang	: 0.045-0.096 g
Haba	: 1.40-1.90 cm
Lapad	: 0.40-0.60 cm
Halaga	: P 0.15 /piraso

	
<b>Size</b>	: <b>22</b>
Timbang	: 0.129-0.415 g
Haba	: 2.0-3.0 cm
Lapad	: 0.65-1.0 cm
Halaga	: P 0.25 /piraso

	
<b>Size</b>	: <b>17</b>
Timbang	: 0.468-1.20 g
Haba	: 3.1-4.0 cm
Lapad	: 1.10-1.30 cm
Halaga	: P 0.30 /piraso

	
<b>Size</b>	: <b>14</b>
Timbang	: 1.30-2.96 g
Haba	: 4.10-5.70 cm
Lapad	: 1.4-1.8 cm
Halaga	: P 0.45 /piraso

EXCEL Tilapia Broodstock (for Hatchery purposes) = P1.00 each  
Weight range = 0.01 g to 3 g

Para sa higit na impormasyon maaaring tumawag, bumisita o sumulat sa:

### Tagapangasiwa:

BFAR-NFFTC  
CLSU, Muñoz, Nueva Ecija  
Tel No. (044) 4560-671/4560672  
Fax No. (044) 4560-671  
E-mail: [nfftrc@mozcom.com](mailto:nfftrc@mozcom.com);  
[nfftc@hotmail.com](mailto:nfftc@hotmail.com)

# Wastong Paglalagay ng Binhing Tilapia sa Palaisdaan

By: Lilibeth B. Afan



### NFFTC Technology and Information Services



Bureau of Fisheries and Aquatic Resources  
National Freshwater Fisheries Technology Center  
CLSU Compound, Muñoz, Nueva Ecija  
Department of Agriculture